# Mortality Works!

By Elder Brook P. Hales
*Of the Seventy*

# Epektibo ang Mortalidad!

Ni Elder Brook P. Hales
*Ng Pitumpu*

October 2024 general conference

*Despite the challenges we all face, our loving Heavenly Father has designed the plan of happiness such that we are not destined to fail.*

*Sa kabila ng mga hamon na dinaranas nating lahat, dinisenyo ng ating mapagmahal na Ama sa Langit ang plano ng kaligayahan kaya hindi tayo nakatadhanang mabigo.*

For several years I was assigned to home teach an older sister in my ward. She did not have an easy life. She had various health problems and experienced a lifetime of pain due to a childhood accident on the playground. Divorced at age 32 with four young children to raise and provide for, she remarried at age 50. Her second husband passed away when she was 66, and this sister lived an additional 26 years as a widow.

Ilang taon akong na-assign na mag-home teach sa nakatatandang sister sa aming ward. Hindi naging madali ang buhay niya. Nagkaroon siya dati ng iba't ibang problema sa kalusugan at habambuhay na masakit ang katawan dahil sa isang aksidente sa playground noong bata pa siya. Diborsyada sa edad na 32 na may apat na bata pang mga anak na palalakihin at tutustusan, muli siyang nag-asawa sa edad na 50. Pumanaw ang pangalawa niyang asawa noong siya ay 66, at nabuhay ang sister na ito nang 26 na taon pa bilang biyuda.

Despite her lifelong challenges, she was faithful to her covenants to the end. This sister was an avid genealogist, a temple attender, and a collector and writer of family histories. Though she had many difficult trials, and without question she felt at times sadness and loneliness, she had a cheerful countenance and a gracious and pleasant personality.

Sa kabila ng kanyang mga hamon sa buhay, naging tapat siya sa kanyang mga tipan hanggang wakas. Ang sister na ito ay isang masugid na genealogist, mahilig dumalo sa templo, at kolektor at manunulat ng mga family history. Bagama't nagkaroon siya ng maraming mahihirap na pagsubok, at walang duda na nalungkot at nalumbay kung minsan, masaya ang kanyang mukha at mabait at kaaya-aya ang kanyang personalidad.

Nine months after her passing, one of her sons had a remarkable experience in the temple. He learned by the power of the Holy Ghost that his mother had a message for him. She communicated with him, but not by vision or audible words. The following unmistakable message came into the son's mind from his mother: "I want you to know that mortality works, and I want you to know that I now understand why everything happened [in my life] the way it did—and it is all OK."

Siyam na buwan matapos siyang pumanaw, nagkaroon ng pambihirang karanasan sa templo ang isa sa mga anak niyang lalaki. Nalaman nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na may mensahe ang kanyang ina para sa kanya. Nakipag-ugnayan ito sa kanya, pero hindi sa pangitain o sa naririnig na mga salita. Sumaisip sa anak ang di-mapag-aalinlanganang mensahe ng kanyang ina: "Gusto kong malaman mo na epektibo ang mortalidad, at gusto kong malaman mo na nauunawaan ko na ngayon kung

This message is all the more remarkable when one considers her situation and the difficulties this sister endured and overcame.

Brothers and sisters, mortalityworks! It is designed to work! Despite the challenges, heartaches, and difficulties we all face, our loving, wise, and perfect Heavenly Father has designed the plan of happiness such that we are not destined to fail. His plan provides a way for us to rise above our mortal failures. The Lord has said, "This is my work and my glory—to bring to pass the immortality and eternal life of man."

Nonetheless, if we are to be the beneficiaries of the Lord's "work and … glory," even "immortality and eternal life," we must expect to be schooled and taught and to pass through the refiner's fire—sometimes to our utter limits. To completely avoid the problems, challenges, and difficulties of this world would be to sidestep the process that is truly necessary for mortality to work.

And so we should not be surprised when hard times come upon us. We will encounter situations that try us and people who enable us to practice true charity and patience. But we need to bear up under our difficulties and remember, as the Lord said:

"And whoso layeth down his life in my cause, for my name's sake, shall find it again, even life eternal.

"Therefore, be not afraid of your enemies [or your problems, challenges, or the tests of this life], for I have decreed … , saith the Lord, that I will prove you in all things, whether you will abide in my covenant … that you may be found worthy."

When we feel distraught or anxious about our problems or feel that we might be receiving more than our fair share of life's difficulties, we can remember what the Lord said to the children

bakit nangyari ang lahat [sa buhay ko] sa gayong paraan—at OK ang lahat ng iyon."

Mas pambihira pa ang mensaheng ito kapag inisip natin ang sitwasyon at mga paghihirap na tiniis at nalampasan ng sister na ito.

Mga kapatid, epektibo ang mortalidad! Dinisenyo ito para maging epektibo! Sa kabila ng mga hamon, sama-ng-loob, at hirap na dinaranas nating lahat, dinisenyo ng ating mapagmahal, matalino, at perpektong Ama sa Langit ang plano ng kaligayahan kaya hindi tayo nakatadhanang mabigo. Ang Kanyang plano ay naglalaan ng paraan para madaig natin ang ating mga kabiguan sa buhay. Sabi ng Panginoon, "Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."

Gayunpaman, kung nais nating makinabang sa "gawain at … kaluwalhatian" ng Panginoon, maging "sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan," kailangang asahan natin na mabigyan tayo ng aral at maturuan at magdaan sa apoy ng tagapagdalisay—kung minsa'y hanggang sa hindi na natin iyon makayanan. Ang lubos na pag-iwas sa mga problema, hamon, at paghihirap ng mundong ito ay pag-iwas sa proseso na talagang kailangan para maging epektibo ang mortalidad.

Kaya nga hindi tayo dapat magulat kapag dumaranas tayo ng mahihirap na panahon. Mahaharap tayo sa mga sitwasyon na susubok sa atin at makakasalamuha natin ang mga taong magbibigay-kakayahan sa atin na tunay na mahalin ang ating kapwa at magpasensya. Pero kailangan nating tiisin ang ating mga paghihirap at tandaan, tulad ng sabi ng Panginoon:

"At sino man ang maghahain ng kanyang buhay para sa aking layunin, para sa aking pangalan, ay matatagpuan ito, maging buhay na walang hanggan.

"Samakatwid, huwag kayong matakot sa inyong mga kaaway [o sa inyong mga problema, hamon, o mga pagsubok sa buhay na ito], sapagkat aking napagpasiyahan … , wika ng Panginoon, na akin kayong susubukin sa lahat ng bagay, kung kayo ay mananatiling tapat sa aking tipan … nang kayo ay matagpuang karapat-dapat."

Kapag tayo ay naguguluhan o nababalisa tungkol sa ating mga problema o nadarama natin na baka higit pa sa nararapat ang nararanasan nating mga paghihirap sa buhay, maaari nating

of Israel:

"And thou shalt remember all the way[s] which the Lord thy God led thee these forty years in the wilderness, to humble thee, and to prove thee, to know what [is] in thine heart, whether thou [would] keep his commandments, or no."

As Lehi taught his son Jacob:

"Thou hast suffered afflictions and much sorrow. … Nevertheless, … [God] shall consecrate thine afflictions for thy gain. … Wherefore, I know that thou art redeemed, because of the righteousness of thy Redeemer."

Because this life is a testing ground and "dark clouds of trouble hang o'er us and threaten our peace to destroy,"it is helpful to remember this counsel and promise found inMosiah 23relating to life's challenges: "Nevertheless—whosoever putteth his trust in [the Lord] the same shall be lifted up at the last day."

As a youth, I personally experienced great emotional pain and shame that came as the result of the unrighteous actions of another, which for many years affected my self-worth and my sense of worthiness before the Lord. Nevertheless, I bear personal witness that the Lord can strengthen us and bear us up in whatever difficulties we are called upon to experience during our sojourn in this vale of tears.

We are familiar with Paul's experience:

"And lest I should be exalted above measure through the abundance of the revelations [I have received], there was given to me a thorn in the flesh, the messenger of Satan to buffet me, lest I should be exalted above measure.

"For this thing I besought the Lord thrice, that it might depart from me.

"And he said unto me, My grace is sufficient for thee: for my strength is made perfect in weakness. Most gladly therefore will I rather glory in my infirmities, that the power of Christ may rest upon me."

We don't know what Paul's "thorn in the flesh" was. He chose not to describe whether it

alalahanin ang sinabi ng Panginoon sa mga anak ni Israel:

"At [inyong] aalalahanin ang lahat ng paraan ng pagpatnubay sa [inyo] ng Panginoon [ninyong] Diyos nitong apatnapung taon sa ilang, upang kanyang pagpakumbabain ka[yo], upang malaman kung ano ang nasa [inyong] puso, kung [inyong] tutuparin ang kanyang mga utos o hindi."

Tulad ng itinuro ni Lehi sa anak niyang si Jacob:

"Ikaw ay nagdanas ng mga kahirapan at maraming kalungkutan. … Gayunman, … ilalaan [ng Diyos] ang iyong mga paghihirap para sa iyong kapakinabangan. … Kaya nga, alam ko na ikaw ay tinubos, dahil sa kabutihan ng iyong Manunubos."

Dahil ang buhay na ito ay isang lugar ng pagsubok at "kami rito ay nababagabag, at sadyang kaygulo ng lahat,"makakatulong na alalahanin ang payong ito at ang pangako saMosias 23na may kaugnayan sa mga hamon sa buhay: "Gayon pa man—sinuman ang magbibigay ng kanyang tiwala sa [Panginoon], siya rin ay dadakilain sa huling araw."

Noong kabataan ko, personal akong nakaranas ng matinding pasakit at kahihiyan mula sa mga kasamaang ginawa ng iba, na sa loob ng maraming taon ay nakaapekto sa pagpapahalaga ko sa sarili at pagkamarapat sa harap ng Panginoon. Gayunpaman, personal kong pinatototohanan na maaari tayong palakasin at pasanin ng Panginoon sa anumang mga paghihirap na dinaranas natin habang nabubuhay tayo sa mundong ito ng kalungkutan at pagdurusa.

Pamilyar tayo sa karanasan ni Pablo:

"Kaya't upang ako'y huwag magyabang [na] ng labis [sa pamamagitan ng saganang paghahayag na natanggap ko], binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang sugo ni Satanas upang ako'y saktan, upang ako'y huwag magmalaki [na]ng labis.

"Tatlong ulit akong nanalangin sa Panginoon tungkol dito na lumayo sana ito sa akin.

"[At] sinabi niya sa akin, Ang aking biyaya ay sapat na sa iyo, sapagkat ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Ako'y lalong magmamalaki na may galak sa aking kahinaan, upang ang kapangyarihan ni Cristo ay manatili sa akin."

Hindi natin alam kung ano ang naging "tinik sa laman" ni Pablo. Pinili niyang hindi ilar-

was a physical ailment, a mental or emotional infirmity, or a temptation. But we don't need to know that detail to know that he struggled and pleaded with the Lord for help and that, ultimately, the Lord's strength and power are what helped him through it.

Like it was for Paul, it was through the Lord's help that I was eventually strengthened emotionally and spiritually and finally recognized after many years that I have always been a person of worth and worthy of the blessings of the gospel. The Savior helped me to overcome my feelings of unworthiness and to extend sincere forgiveness to the offender.I finally understood that the Savior's Atonement was a personal gift for me and that my Heavenly Father and His Son love me perfectly. Because of the Savior's Atonement, mortality works.

While I was eventually blessed to recognize how the Savior rescued me and stood by me through those experiences, I clearly understand that the unfortunate situation of my teenage years wasmypersonal journey and experience, the resolution of which and eventual outcome cannot be projected onto those who have suffered and continue to suffer from the unrighteous behavior of others.

I recognize that life's experiences—good and bad—can teach us important lessons. I now know and bear testimony that mortality works! I hope that as a result of the sum of my life's experiences—good and bad—I havecompassion for innocent victims of another's actions and empathy for the downtrodden.

I sincerely hope that as a result of my life's experiences—good and bad—I am kinder to others, treat others as the Savior would, and have greater understanding for the sinner and that I have complete integrity. As we come to rely on the Savior's grace and keep our covenants, we can serve as examples of the far-reaching effects of the Savior's Atonement.

I share a final example that mortality works.

Elder Hales's aunt, Lois VandenBosch, and

awan kung iyon ba ay sakit ng katawan, isipan o damdamin, o isang tukso. Ngunit hindi natin kailangang malaman ang detalyeng iyon para malaman na naghirap siya at humingi ng tulong sa Panginoon at na, sa huli, ang lakas at kapangyarihan ng Panginoon ang tumulong sa kanya na tiisin iyon.

Tulad ng nangyari kay Pablo, sa tulong ng Panginoon ay tumatag ang aking damdamin at espiritu kalaunan, at sa wakas ay napansin ko pagkaraan ng maraming taon na noon pa man ay may halaga na ako at nararapat sa mga pagpapala ng ebanghelyo. Tinulungan ako ng Tagapagligtas na madaig ang pakiramdam na hindi ako marapat at taimtim kong patawarin ang nagkasala sa akin.Sa huli ay naunawaan ko na ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay isang personal na kaloob sa akin at na sakdal ang pagmamahal sa akin ng aking Ama sa Langit at ng Kanyang Anak. Dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, epektibo ang mortalidad.

Samantalang napagpala ako kalaunan na mapansin kung paano ako sinagip at sinuportahan ng Tagapagligtas sa mga karanasang iyon, malinaw kong nauunawaan na ang masamang sitwasyon noong tinedyer ako ayakingpersonal na paglalakbay at karanasan sa buhay, na ang resolusyon at kinahinatnan kalaunan ay hindi maisisisi sa mga nagdusa at patuloy na nagdurusa mula sa masamang pag-uugali ng iba.

Nauunawaan ko na ang mga karanasan sa buhay—mabuti at masama—ay maaaring magturo sa atin ng mahahalagang aral. Alam ko na ngayon at pinatototohanan na epektibo ang mortalidad! Sana dahil sa resulta ng kabuuan ng mga karanasan ko sa buhay—mabuti at masama—ay magkaroon ako ng habag sa mga inosenteng biktima ng mga kagagawan ng iba at ng pagdamay sa mga inaapi.

Taos-puso akong umaasa na dahil sa mga karanasan ko sa buhay—mabuti at masama—ay naging mas mabait ako sa iba, tinatrato ko ang iba tulad ng gagawin ng Tagapagligtas, at mas nauunawaan ko ang makasalanan at na ganap ang aking integridad. Habang natututo tayong umasa sa biyaya ng Tagapagligtas at tinutupad natin ang ating mga tipan, maaari tayong magsilbing mga halimbawa ng malalaking epekto ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Magbabahagi ako ng isang huling halimbawa na epektibo ang mortalidad.

Ang tita ni Elder Hales na si Lois Vanden-

his mother, Klea VandenBosch.

My mother did not have an easy journey through mortality. She received no accolades or worldly honors and did not have educational opportunities beyond high school. She contracted polio as a child, resulting in a lifetime of pain and discomfort in her left leg. As an adult, she experienced many difficult and challenging physical and financial circumstances but was faithful to her covenants and loved the Lord.

When my mother was 55, my next older sister passed away, leaving an eight-month-old baby daughter, my niece, motherless. For various reasons, Mom ended up largely raising my niece for the next 17 years, often under very trying circumstances. Yet, notwithstanding these experiences, she happily and willingly served her family, neighbors, and ward members and served as an ordinance worker in the temple for many years. During the last several years of her life, Mom suffered from a form of dementia, was often confused, and was confined to a nursing facility. Regrettably, she was alone when she passed away unexpectedly.

Several months after her passing, I had a dream I have never forgotten. In my dream, I was sitting in my office at the Church Administration Building. Mom entered the office. I knew she had come from the spirit world. I will always remember the feelings I had. She did not say anything, but she radiated a spiritual beauty that I had never before experienced and which I have difficulty describing.

Her countenance and being were truly stunning! I remember saying to her, "Mother, you are so beautiful!," referencing her spiritual power and beauty. She acknowledged me—again without speaking. I felt her love for me, and I knew then that she is happy and healed from her worldly cares and challenges and eagerly awaits "a glorious resurrection."I know that for Mom, mortality worked—and that it works for us too.

God's work and glory is to bring to pass the immortality and eternal life of man.The expe-

Bosch at ang kanyang inang si Klea VandenBosch.

Hindi naging madali ang paglalakbay sa buhay ng aking ina. Hindi siya tumanggap ng mga papuri o parangal ng mundo at high school lang ang natapos niya. Nagkaroon siya ng polio noong bata pa siya, na nauwi sa habambuhay na pananakit at paghihirap sa kanyang kaliwang binti. Noong adult na siya, dumanas siya ng maraming hirap at hamon sa pisikal at pinansyal na sitwasyon pero naging tapat sa kanyang mga tipan at minahal niya ang Panginoon.

Noong 55 anyos ang aking ina, pumanaw ang sumunod na nakatatandang kapatid kong babae, at naiwan ang kanyang walong-buwan na sanggol na babae, ang aking pamangkin, na walang ina. Sa iba't ibang kadahilanan, si Inay halos ang nagpalaki sa aking pamangkin sa sumunod na 17 taon, na kadalasa'y sa napakahihirap na sitwasyon. Subalit, sa kabila ng mga karanasang ito, pinaglingkuran niya nang masaya at kusang-loob ang kanyang pamilya, mga kapitbahay, at mga miyembro ng ward at naglingkod bilang ordinance worker sa templo nang maraming taon. Sa huling ilang taon ng kanyang buhay, si Inay ay nagkaroon ng dementia, madalas malito, at nanatili sa isang nursing facility. Ang malungkot, nag-iisa siya nang pumanaw nang di-inaasahan.

Ilang buwan matapos siyang pumanaw, nagkaroon ako ng isang panaginip na hindi ko malilimutan. Sa aking panaginip, nakaupo ako sa aking opisina sa Church Administration Building. Pumasok si Inay sa opisina. Alam ko na nanggaling siya sa daigdig ng mga espiritu. Hindi ko malilimutan kailanman ang nadama ko. Wala siyang sinabi, pero nagniningning ang espirituwal na kagandahan niya na hindi ko pa naranasan kahit kailan at nahirapan akong ilarawan iyon.

Talagang napakaganda ng kanyang mukha at katauhan! Naaalala ko na sinabi ko sa kanya, "Inay, napakaganda ninyo!" na tinutukoy ang kanyang espirituwal na lakas at kagandahan. Tumango siya sa akin—muli nang hindi nagsasalita. Nadama ko ang pagmamahal niya sa akin, at nabatid ko na masaya siya at gumaling na mula sa mga paghihirap at hamon sa mundo at sabik na naghihintay sa "isang maluwalhating pagkabuhay na mag-uli."Alam ko na para kay Inay, naging epektibo ang mortalidad—at na epektibo rin iyon sa atin.

Ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay

riences of mortality are part of the journey that allows us to grow and progress toward thatimmortality and eternal life. We were not sent here to fail but to succeed in God's plan for us.

na walang hanggan ng tao.Ang mga karanasan ng mortalidad ay bahagi ng paglalakbay sa buhay para lumago at umunlad tayo tungo sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan. Hindi tayo isinugo rito para mabigo kundi para magtagumpay sa plano ng Diyos para sa atin.

As King Benjamin taught: "And moreover, I would desire that ye should consider on the blessed and happy state of those that keep the commandments of God. For behold, they are blessed in all things, both temporal and spiritual; and if they hold out faithful to the end they are received into heaven, that thereby they may dwell with God in a state of never-ending happiness."In other words, mortality works!

Tulad ng itinuro ni Haring Benjamin: "At bukod dito, ninanais kong inyong isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Sapagkat masdan, sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal; at kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."Sa madaling salita, epektibo ang mortalidad!

I testify that as we receive the ordinances of the gospel, enter into covenants with God and then keep those covenants, repent, serve others, and endure to the end, we too can have the assurance and complete trust in the Lord that mortality works! I testify of Jesus Christ and that our glorious future with our Heavenly Father is made possible by the grace and Atonement of the Savior. In the name of Jesus Christ, amen.

Pinatototohanan ko na kapag tinanggap natin ang mga ordenansa ng ebanghelyo, nakipagtipan tayo sa Diyos at tinupad natin ang mga tipang iyon, nagsisi, naglingkod sa iba, at nagtiis hanggang wakas, tayo man ay magkakaroon ng katiyakan at lubos na tiwala sa Panginoon na epektibo ang mortalidad! Pinatototohanan ko si Jesucristo at na ang ating maluwalhating kinabukasan sa piling ng ating Ama sa Langit ay ginawang posible ng biyaya at Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.